Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

our website: www.humanitynewsph.com

# 2026 NATIONAL BUDGET ALLOCATES P129.8B FOR PHILHEALTH




In a significant move to make quality healthcare more accessible for all, the newly signed Fiscal Year 2026 National Budget has allocated nearly P129.8 billion to the Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth).

"These funds shall support preventive healthcare and the improvement of PhilHealth benefit packages, lowering the out-of-pocket expenses of Filipino families," said President Ferdinand R. Marcos Jr. during the official signing of the P6.793 trillion national budget on Monday, January 5.

Notably, the allocation includes the restored P60 billion, which was transferred to the National Treasury in 2024. The restoration of funds directly aligns with the Supreme Court's ruling, ensuring that resources intended for health remain dedicated to the welfare of PhilHealth members and beneficiaries.

This substantial funding further strengthens the national health insurer's capacity to provide every Filipino with easier access to quality and affordable healthcare by expanding benefit packages, enhancing primary and preventive care programs, and reducing out-of-pocket costs.

With a P448.125-billion allocation, the 2026 General Appropriations Act (GAA) provides the largest health sector budget in Philippine history, a testament to the government's commitment to universal healthcare.

The 2026 GAA primarily earmarks P1 billion for the Department of Health's Universal Health Care Fund to support the Zero Balance Billing Program in local government hospitals. This ensures that inpatient services for basic accommodations are fully covered. Additionally, this is complemented by significant allocations for disease surveillance, rapid response mechanisms, and sustainable health financing.

President Marcos Jr. emphasized that the 2026 GAA is anchored on a people-centered development agenda. By prioritizing human capital through a reliable healthcare system and responsible fiscal management, the administration fosters a resilient economy where every Filipino shares the fruit of development.


"Sa National Budget ng 2026, malinaw ang direksyon ng inyong pamahalaan: magiging mas masinop, mas maingat, mas responsable kami sa paggastos ng pondo ng bayan. Ang bawat programa at proyekto ay dadaan sa masusing pagsusuri upang masiguro na ito ay may malinaw na benepisyo sa mamamayan—lalo na sa sektor na higit na nangangailangan," Marcos stressed, noting that the administration remains steadfast in its duty to maintain integrity in every peso spent.


(The 2026 National Budget sets a clear direction: the government will be more prudent, more careful, and more responsible in spending public funds. Every program and project will undergo a thorough review to ensure it provides clear benefits to our citizens—especially to the sectors that need it most.)

The enactment of the P6.793 trillion GAA for 2026 marks a significant 6.9% increase from the P6.352 trillion national budget of 2025. This upward trajectory empowers the government to invest in public works and social protection programs while effectively navigating global economic shifts. (PIA)

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. X No.07 January 12-18, 2026 P10.00

## 'CAVITEÑONG DEBOTO NG NAZARENO'





Ibinahagi ng Filipino artist at deboto ng Poong Jesus Nazareno na si Nathaniel San Pedro, mula General Trias City, ang mga litratong ito ng kaniyang likhang sining na pinamagatang "Agos ng Pananampalataya."

Ayon kay Nathaniel, ito ang ikalawang likha niya na naglalarawan sa Traslacion. Ginawa niya umano ito sa loob ng dalawang buwan, mula May hanggang July 2025.

## DO YOU KNOW ?

*James I was the first English monarch to use the fork.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**

# Contract Signing para sa Korea-Naic Friendship Infirmary, sa Bayan ng Naic






Sa patuloy na pagsuporta ni Mayor Rommel Magbitang, isinagawa ang paglagda ng Memorandum of Agreement (MOA) para sa pagtatayo ng Korea–Naic Friendship Infirmary ngayong Huwebes, January 8, 2026, sa Naic Municipal Hall.

Layunin ng kasunduang magtayo ng pasilidad pangkalusugan na magbibigay ng mas maayos, at abot-kayang serbisyong medikal sa mga Naicqueño. Kasama sa proyekto ang aktibong pakikilahok ni Municipal Health Officer Dr. Ma. Carolina P. Matel, pati na rin ng mga konsehal na sina Konsehal Rodrigo "Rod" Castillo at Konsehal Ryan "Wakay" Flores.

Naganap ang aktibidad sa pakikipagtulungan ng Pamahalaang Bayan ng Naic, Rose Club International, at Open World, bilang simbolo ng sama-samang pagtutulungan para sa pagpapalakas ng serbisyong pangkalusugan sa bayan ng naic.

***Municipality of Naic***

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. X No.07 January 12-18,2026 10.00 ISSN No.: 2672-3034


## BACOOR LAUNCHES EXPANDED 4PH MINI CARAVAN

Story on p. 2






# Over 13.7 million in Calabarzon registered under nat'l identification system



Story on p. 2

## Distribution of Solo Parent Monthly Subsidy





Mayroon po tayong kabuuang 588 na Solo Parent na nabigyan at nakatanggap ng ₱1,000 kada buwan mula Hulyo hanggang Disyembre 2025, o kabuuang ₱6,000 bawat benepisyaryo sa loob ng anim (6) na buwan sa pangunguna ni Mayor Gemma Lubigan kasama si Vice Mayor Bobby Montehermoso.

Ayon sa facebook post ni Mayor Gemma Buendia Lubigan , "Bagama't simple ang tulong na ito, malinaw po ang layunin ng ating programa na makatulong sa pang-araw-araw na gastusin ng ating mga solo parent.

con.on p.7







**PURCHASE AND INSTALLATION OF 34 CCTV CAMERAS AT IMUS PUBLIC MARKET** - *Sinimulan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang taong 2026 sa pamamagitan ng pagkakabit ng 34 CCTV cameras sa Imus Public Market, upang higit na mapalakas ang pagbabantay at kaayusan sa isa sa pinakaabalang lugar ng ating lungsod. Ito po ay pinondohan sa ilalim ng 2024 Seal of Good Local Governance na iginagawad sa mga lokal na pamahalaang kinikilala sa maayos at tapat na pamamahala. Ang pondong ito ay ibinabalik natin sa Imuseño sa anyo ng mga proyektong may malinaw na pakinabang.* ***(City Government of Imus)***

## PNP New Year's Call





Full support tayo sa General Trias Component City Palice Station (CCP5) sa pagdaraos ng PNP New Year's Call, bilang pagpapatulay ng isang mahal-

con.on p.7



## Over 13.7 million in Calabarzon... from page 1

More than 13.7 million Filipinos in Calabarzon have registered under the Philippine Identification System (PhilSys), according to the Philippine Statistics Authority (PSA) Region IV-A.

Based on the PSA's preliminary count as of December 15, 2025, Cavite recorded the highest number of registrants with 3,503,633, followed by Rizal with 2,938,672. Batangas and Laguna posted comparable figures at 2,729,112 and 2,722,663, respectively, while Quezon registered 1,931,698 individuals.

PSA Regional Director Charito Armonia said the number of registrants reflects strong public participation in the government's national identification program.

"We attribute the steady increase in registrations to the expanded availability of national ID services through fixed and mobile registration centers across Calabarzon," Armonia said.

Armonia also reaffirmed PSA's commitment to ensuring inclusive identification and improving service delivery by bringing National ID registration and related services closer to the public.

The National ID is widely recognized as a valid proof of identity and facilitates access to government services, social protection programs, and financial transactions.

On Dec. 22, the PSA conducted National ID services to bring essential government programs closer to communities. The initiative aimed to improve accessibility for elderly residents and katutubong 4Ps beneficiaries who often face mobility challenges and difficulty traveling to distant registration centers.

"By deploying the National ID Registration Team directly to communities, PSA Quezon ensured a convenient, efficient, and responsive registration process tailored to the needs of katutubong 4Ps beneficiaries," Armonia added.

The PSA continues to encourage unregistered residents in the region to register at the nearest PSA offices, malls, and partner local government units.

Registered individuals are also reminded that updating or correcting demographic information in the National ID System is free of charge at select registration centers.

*(PIA)*

## BACOOR LAUNCHES EXPANDED... from page 1

Sa pamumuno ni Mayor Strike B. Revilla, matagumpay na isinagawa ng City Government of Bacoor, sa pamamagitan ng HUDRD na pinamumunuan ni Atty. Aimee Torrefranca-Neri, ang Expanded Pambansang Pabahay Para sa Pilipino (E4PH) Mini Caravan upang maghatid ng abot-kayang pabahay para sa mga Bacooreño.

Tampok sa aktibidad ang orientation sa Salinas 1 E4PH Project at on-site validation para sa mga interesadong aplikante—patunay ng tuloy-tuloy na adbokasiya ng lungsod para sa accessible at dekalidad na pabahay.

Dumalo sa programa sina Mayor Strike B. Revilla, mga kinatawan ng Pag-IBIG Fund, PH1/Megawide, at iba pang katuwang na ahensya na handang gumabay sa mga aplikante.

Ang E4PH Mini Caravan ay mahalagang hakbang ng Bacoor sa pagtugon sa pangangailangan sa pabahay at sa paglapit ng pangarap na sariling tahanan para sa bawat Bacooreño.

*City Government of Bacoor*

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00



SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

## PAGKA'T ANG PANAHON......

1. Pagka't ang panahon tuloy ang pagsapit,
Ang mga matanda ay maliligalig,
Hihina ang laman , titigas ang litid,
At ang alaala'y muling magbabalik.

2. Parang kahapon lang bahagyang napansin,
Itong mag-asawa ay magkakasupling,
Naglihi, pumintog, naghirap pa mandin,
Isang batang munti ang makakapiling.

3. Pagka't ang panahon tuloy ang pagdaloy,
Itong munting bata ay magpapatuloy,
Kumawag, dumapa na parang lalangoy,
Hanggang makaupo na tulad sa kasoy.

4. Pagka't ang panahon parang hinahabol,
Bata ay tumayo, lumakad, tumurol,
Nang maging binata'y hawak ang asarol
Upang ipakita ang trabaho't tanggol.

5. Pagka't ang panahon ay napakabilis,
Nakapag-asawa't may sanggol nang kilik,
Bata ay lumaki at saka umalis,
Binata na itong asawa ang ibig.

6. Una ay ang anak, ngayon naman apo,
Kaya tuwang-tuwa ang Lola at Lolo,
Subali't panahon laging nagbabago,
Ngayon nga'y kulubot na ang noo't braso.

7. Pagka't ang panahon tuloy ang pagsapit
At pagdating nito'y hatid ang ligalig,
Kung sana ay walang nalasap na tamis,
Sana ay lungkot lang ang palaging kamit.

8. Subali't panahon patuloy ang langoy,
Sa taong maayos, ligaya'y patuloy,
Talo yaong lahat ng paklang susuloy*,
At ani ay bungang masarap ang daloy.

suloy*= pagsibol ng sanga



Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
City of Bacoor
Email: rtclbcrocc@judiciary.gov.ph.
Telephone No. 09273707489

**AFC SME FINANCE, INC.,**
**(Represented By: Judy P. Ignacio)**
Mortgagee.

-versus- Foreclosure No. 2025-184
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage

**MAROJA TIMON DE ASIS,**
Mortgagor.

x----------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **AFC SME FINANCE, INC., (Represented By: Judy P. Ignacio),** at Unit 310 AIC Gold Tower, Emerald Ave., Corner Garnet St., Ortigas Center, Pasig City, and against the mortgagor, **MAROJA TIMON DE ASIS** at #0266 Maganda St., J.S. Ville Subd., Habay 1, Dulong Bayan, Bacoor, Cavite, Philippines, to satisfy the mortgagee indebtedness which as of November 24, 2025, amounts to TWO **MILLION THREE HUNDRED HUNDRED EIGHTY ONE THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY FOUR PESOS (P2,381,664.00),** Philippine Currency, inclusive of interest, and penalty charges but exclusive of other fees incident to this foreclosure, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on **February 10, 2026 at 10:00 o'clock in the morning** or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 167-2023006928**

" A PARCEL OF LAND (LOT 266-B-1-E, OF THE SUBDIVISION PLAN, PSD-04-018192, BEING A PORTION OF LOT 266-B-1, (LRC) PSD-299716, L.R.C. REC. NO. N-35907), SITUATED IN THE BO. OF SALINAS, MUNICIPALITY OF BACOOR, PROVINCE OF CAVITE. XXX, CONTAINING AN AREA OF TWO HUNDRED EIGHTEEN (218) SQUARE METERS."

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **February 17, 2026,** without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, December 16, 2025.

**MELY C. HERMOSURA-VISTA**
Clerk of Court VI

By:

**DANILO B. BERLON**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**AFC SME FINANCE, INC.**
Unit 9B 9th Floor Atrata 2000 Building, Emerald Avenue 1605 Ortigas Cemnter, Pasig City

**Ms. MAROJA TIMON DE ASIS**
#0266 Maganda St., J.S. Ville Subd., Habay 1, Dulong Bayan, Bacoor, Cavite, Philippines

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.

**HUMANITY NEWS**
**JANUARY 12, 19, & 26,2026**

## Distribution of Solo Parent... from page 1

Patuloy po tayong magpapatupad ng mga inklusibong programa upang matiyak na ang bawat magulang, anuman ang kanilang kalagayan, ay may pagkakataong maitaguyod ang kanilang pamilya. Maraming salamat po sa Office of the City Social Welfare and Development Officer at sa Office of the City Treasurer sa maayos na pangangasiwa upang maging maayos ang pamamahagi ng solo parent assistance. Maraming salamat tax payers."

# PGC continues health initiatives with medical and dental mission in Trece Martires City



On January 8, the Provincial Government of Cavite successfully conducted a Medical and Dental Mission in Barangay Cabezas, Trece Martires City, marking the continuation of the PGC's health initiatives for the new year.

The activity served a total of 582 patients, with 379 receiving medical consultations and 49 availing of dental services. Diagnostic services were also provided, including 100 fasting blood sugar (FBS) tests, 32 electrocardiogram (ECG) procedures, and 22 X-ray examinations. Free prescribed medicines were likewise distributed to patients.

Medical and dental services were delivered by health professionals from the General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital (GEAMH), with the assistance of the Office of the Provincial Governor (OPG) medical mission team.

The mission was attended by local officials, including 7th District Board Member Aldrin Anacan, Councilor Joyce Anne Mojica, Councilor Anne Jomille Humarang, and barangay officials.

The activity underscored the provincial government's sustained commitment to bringing accessible and responsive healthcare services closer to communities, as it continues to roll out health programs aimed at addressing the medical needs of Caviteños throughout the year.---OPIO

## PNP New Year's Call... from page 1

agang tradisyon para sa kapayapaan at kaayusan sa lungsod.

Kasama sa nasabing altibidad na ginanap sa General Trias City Parik ang pagsira sa mga nakumpiskang paputok at ilegal na open pipas o mufflers ne motorsikle noong nakaraang taon. Bahagi ito ng patuloy na kampanya ng ating kapulisan sa pagpapanatili ng disiplina at ligtas na pamumuhay sa mga komunidad.




*Natanggap na ni Cavite City Mayor Denver Chua ang 2,000 doses ng Polysaccharide Conjugate Vaccine 13 (PCV13) mula sa Better Option Pharmaceuticals. Ang bakunang ito ay nagbibigay proteksyon laban sa pneumonia at iba pang seryosong impeksyon, lalo na para sa mga bata. Ang bawat isang dose nito ay nag kakahalagang P3,000 to P4,000 pero ito ay ipapamahagi natin ng libre para sa ating mga kababayan dito sa Lungsod ng Cavite. Abangan ang schedule ng ating FREE VACCINATION DRIVE sa susunod naming post.(via fb Denver Chua)*

## OATH TAKING CEREMONY NG NEWLY-ELECTED OFFICERS NG CANYON RANCH HOA AT STONEBRIDGE ESTATES HOA



Pinangasiwaan ni City Mayor Dahlia A. Loyola ang Oath Taking ng mga newly-elected officers ng Canyon Ranch Homeowners' Association sa pangunguna ng kanilang mga Board of Directors at ng Stonebridge Estates Homeowners' Association sa pangunguna naman ng kanilang Presidente na si Jeffrey Valeros.

Hangad namin ang matagumpay ninyong pangangasiwa sa inyong samahan at saludo po kami sa inyong dedikasyon para mapagsilbihan ang inyong mga nasasakupan.

(via fb/ City Government of Carmona)








# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Lotus bilang halamang gamot



*Scientific name: Nymphaea nelumbo Linn.; Nelumbo nucifera Gaertn.; Nelumbium speciosum Willd.*
*Common name: Baino (Tagalog); Lotus, Oriental Lotus (Ingles)*

Ang halamang lotus ay karaniwang nakikitang lumulutang sa mga tubigan, lawa, o mapuputik na lugar sa mga kapatagan. Kilala ang bulaklak nito na may angking ganda at kadalasan ay kulay puti, mamula-mula, dilaw, o pink. Ang buto ay lumalabas sa gitna ng bulaklak, habang ang dahon ay bilugan at malapad. Orihinal na nagmula sa mga bansa sa silangang Asya.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Lotus?**

Ang iba't ibang bahagi ng lotus ay maaaring makuhanan ng ilang uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang mga buto ng lotus ay makukuhanan ng nelumbine. Meron din itong flavonoid at alkaloid. Makukuha din sa buto ang protein, carbohydrates, ash, vitamin C2, at copper oxide.

Ang mga maliliit na ugat ay may taglay namang starch, ash, vitamin C1, asparagin, protein, at fat

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Ugat. Ang ugat ng lotus ay maaaring ilaga upang inumin o dikdikin upang ipantapal.

Dahon. Ang dahon ay karaniwang dinidikdik upang ipantapal din.

Bulaklak. Karaniwang nilalaga ang bulaklak upang mainom o ipanghugas sa katawan.

Buto. Ang mga buto ay maaaring dikdikin, ilaga o kainin mismo.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Lotus?**

1. Pagtatae. Ang pinaglagaan ng bulaklak ng lotus ay mabisang panlunas sa kondisyon ng pagtatae.
2. Ubo. Ang katas ng bulaklak ay maaaring inumin upang malunasan ang ubo.
3. Syphilis. Ang pinaglagaan ng bulaklak ay dapat namang ipanghugas sa sa bahagi ng katawan na apektado ng sakit.
4. Dysenteria. Ang pinaglagaan ng mga buto ay mabisa naman para sa malalang kondisyon ng dysenteria.
5. Lagnat. Makatutulong ang pagtatapal ng dinikdik na dahon ng lotus na noo ng may mataas na lagnat.
6. Pananakit ng sikmura. Ang pinaglagaan ng bulaklak ay mabisa rin para sa pananakit ng sikmura dulot ng cramps o pulikat.
7. Buni. Mabisa naman para sa impeksyon ng fungi sa balat gaya ng buni ang pagpapahid ng katas ng dinikdik na ugat ng lotus.
8. Free radicals. Sinasabing malakas na antioxidant ang mga buto ng lotus kung kaya't makabubuti ang pag-inom sa pinaglagaan ng buto para harangin ang mga free radicals sa katawan.





## REGULAR FLAG RAISING CEREMONY SA DASMARIÑAS CITY, CAVITE.

Ginanap noong Enero 05, 2026, sa Socio-Economic Grounds ang regular flag raising ceremony na dinaluhan nina Mayor Jenny Austria-Barzaga, Vice Mayor Third Barzaga, at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod.

Kasunod nito, iginawad din sa Lungsod ng Dasmariñas ang mga parangal na ipinagkaloob noong 1st Regional Integrated Awarding of the DOH Center for Health Development Region IV-A. Kabilang sa mga ito ay ang 100% Timely Field Health Services Information System (FHSIS) Compliance Award, Outstanding Achievement in the Implementation of the Community-Based Drug Rehabilitation Program, Outstanding 214% Blood Collection Accomplishment in 2024 in support to the Regional Voluntary Blood Services at Outstanding Achievement and Excellence in Mother-Baby Friendly Workplace Implementation.

Pinangunahan ng Office of the City Mayor ang seremonya. Kasunod nito ang pagbibigay ng birthday cakes para sa mga empleyado na magdiriwang ng kanilang mga kaarawan sa linggong ito.






## KFC Maple Grove General Trias is now open!




Noong biyernes, Enero 9, binuksan na po ang ika-apat na branch ng KFC sa ating lungsod ng General Trias at pang ika-450 sa bansa at ito ay sa Maple Grove.

Bunga ng mahusay na pamumuno ng ating minamahal na Mayor Jon-Jon Ferrer ang pagpasok ng panibagong sangay na ito ng KFC at ang mga magbubukas pang mga establisyemento na inaasahang higit na magpapalakas ng ating lokal na ekonomiya na kinabibilangan ng karagdagang employment opportunity para sa mga kababayan nating Gentriseño.

# CARD-PCPD Medical Center opens BestHealth Clinic; Offers loanable health-care services for CARD clients



*The newly opened BestHealth Clinics and Diagnostic Center of CARD-PCPD Medical Center Inc., along with its emergency ambulance in Brgy. San Antonio 1, San Pablo City, Laguna.*



*CARD-PCPD Medical Center Inc. President Dr. Roderick Belen (top line, right) with the nurses and staff of BestHealth Clinics and Diagnostic Center inside the newly opened clinic.*



*CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip expresses the dedication of the new clinic to the community while sharing CARD's future plans for expanding its health services.*




*From left to right: Barangay Chairman Rexon Banaag; CARD-PCPD Medical Center Inc. President Dr. Roderick Belen, St. Francis Parish Lector, Father Rizaldy Urgena, CARD Bank Senior Management Adviser Dr. Dolores M. Torres, CARD Pioneer Member Paz Arazena, PCPD Executive Director Arcatomy Guarin, CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito, CARD Care Network Inc. CEO Dr. Mike Llanto, and CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip in the ribbon-cutting and building blessing to officially open the BestHealth Clinics and Diagnostic Center.*




*Tagaytay City Government received the Presidential Award for Most Child-Friendly Cities and Municipalities yesterday. This recognition highlights Tagaytay's steadfast commitment to protecting and promoting the rights, welfare, and development of every Batang Tagaytay.*

*This achievement reflects the collective efforts of our dedicated public servants, partner institutions, and the community who continue to work hand in hand toward a safe, inclusive, and nurturing environment for our children.*





# MAYOR RANDY SALAMAT NG ALFONSO, NANGUNA SA TOP PERFORMING MUNICIPAL MAYORS NG CAVITE — SOCIAL PULSE 2025




Nanguna si Mayor Randy Salamat ng Alfonso, Cavite bilang Top Performing Municipal Mayor sa lalawigan ng Cavite matapos makakuha ng 95.8% satisfaction rating, ayon sa Social Pulse Survey: Pulso ng Bayan Year-End Survey 2025.

Isinagawa ang survey noong Disyembre 7–20, 2025, na nilahukan ng 5,000 adult respondents mula sa iba't ibang bayan ng Cavite. Mayroon itong ±3% margin of error at 95% confidence level, na sumasalamin sa antas ng tiwala at kasiyahan ng mamamayan sa kanilang mga lokal na lider.

Pumangalawa sa talaan si Mayor SM Matro ng Tanza, Cavite na may 94.6%, habang pumangatlo naman si Mayor Rommel Magbitang ng Naic, Cavite na nakapagtala ng 92.5% satisfaction rating, patunay ng patuloy na suporta at tiwala ng kanilang mga nasasakupan.

Kasama sa Top 5 ang:

- Mayor Cocoy Mendoza – Mendez, Cavite (91.4%)
- Mayor Janessa Maligaya – Magallanes, Cavite (90.8%)

***KUMPLETONG TOP 10 MUNICIPAL MAYORS SA CAVITE***

- Mayor Davey Chua – Noveleta (90.2%)
- Mayor Umbe Arca – Maragondon (87.6%)
- Mayor Virgilio Fidel – Indang (86.8%)
- Mayor Jose Voltaire Ricafrente – Rosario (86.4%)
- Mayor Jojo Domingo Jr. – Amadeo (85.9%)

Ayon sa Social Pulse Philippines, ipinapakita ng resulta ng survey ang mataas na antas ng kasiyahan ng publiko sa pamumuno ng mga municipal mayors sa Cavite—na iniuugnay sa makikitang programa, bukas na pamamahala, at mabilis na pagtugon sa pangangailangan ng komunidad.

***TUNGKOL SA PULSO NG BAYAN SURVEY***

Ang Pulso ng Bayan Survey ay pangunahing proyekto ng Social Pulse Philippines na naglalayong magbigay ng malinaw at data-driven na pananaw sa sentimyento ng publiko hinggil sa performance ng mga halal na opisyal. Layunin nitong itaguyod ang transparency, accountability, at makabuluhang partisipasyon ng mamamayan sa usaping pamahalaan.




ANNOUNCEMENT | Business Permit Renewal 2026

Mga negosyante, pansamantalang sa City Hall Lobby muna ang bayaran ng business permits sa January 12, Monday, dahil gagamitin ang Strike Gymnasium para sa Flag Raising Ceremony.

□ Simula Tuesday, January 13, balik na po ulit sa Strike Gymnasium ang venue.

□ Weekdays, 8:00 AM – 5:00 PM

□ Paalala: May 25% penalty simula February 1.

Salamat sa inyong pang-unawa at patuloy na kooperasyon.

# PGC's Medical Mission in Paliparan III, Dasma



Through the collaborative initiative of the Office of the Provincial Governor and the Office of the Provincial Health Officer, a medical mission was successfully conducted in Barangay Paliparan III, City of Dasmariñas, serving a total of 452 patients.

The provincial government's health outreach program provided free medical consultations, X-ray services, fasting blood sugar tests, and electrocardiogram (ECG) examinations, allowing constituents to directly consult medical practitioners regarding their health concerns.

Prescribed medicines and vitamin supplements were also distributed to help ease the financial burden of residents, particularly those at the grassroots level.

The Provincial Government of Cavite, under the leadership of Governor Abeng Remulla, remains steadfast in its commitment to safeguarding the health and overall well-being of every Caviteño.---

OPIO